# Magtiwala sa mga Estudyante

Basahin ang mga sumusunod na pahayag at salungguhitan ang mga salita o parirala na makatutulong sa iyo na maunawaan kung bakit maaari kang magtiwala sa kakayahan ng iyong mga estudyante na magagawa nila ang kanilang tungkulin kapag natutuhan, naituro, at naipamuhay nila ang doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo.

1. Itinuro ni Propetang Joseph Smith:

   "Lahat ng isipan at espiritung pinababa ng Diyos sa mundo ay may kakayahang umunlad" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 244).

2. Ipinahayag ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. (1871–1961) ng Unang Panguluhan:

   "Ang mga kabataan ng Simbahan ay gutom sa mga bagay ng Espiritu; nasasabik silang matutuhan ang ebanghelyo, at nais nilang maituro ito sa kanila nang dalisay at nang lubos. . . . Hindi na sila mapagduda kundi mga mapagtanong at mapaghanap ng katotohanan. . . .

   "Ang mga estudyanteng ito nang pumasok sa klase ninyo ay nagsisikap na umunlad tungo sa kahustuhan ng espirituwalidad na kaagad nilang makakamtan kung pakakainin ninyo sila ng tamang espirituwal na pagkain. Taglay nila ang espirituwal na kaalaman at karanasan na hindi alam ng sanlibutan" (*The Charted Course of the Church in Education,* rev. ed. [1994], 3, 5–6).

3. Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan:

   "Ipinapangako ko sa inyo na kung ituturing ninyo ang [mga estudyante] bilang mga kabataang naghahanap ng katotohanan, madarama nila na mahal ninyo sila. At maaaring dahil diyan ay madama nila na maaari silang magkaroon ng mas malambot na puso. Maaaring hindi ito mangyari sa lahat ng pagkakataon, at maaaring hindi ito magtagal. Ngunit madalas na nangyayari ito, at kung minsan ay nagtatagal. At maaalala nilang lahat na kayo ay naniwala sa kakayahan nila—ang kanilang pamana bilang anak ng Diyos" ("And Thus We See: Helping a Student in a Moment of Doubt" [mensahe sa Church Educational System religious educators, Peb. 5, 1993], 5, si.lds.org).

4. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985):

   "Ang Panginoon ay nagpababa sa mundo ng mga dakila at malalakas na espiritu na inilaan para tumulong sa pagsulong ng kanyang gawain sa mapanganib na panahong ito. Ang mga espiritung ito ay kailangang turuan at ihanda para sa gawaing nakatalaga sa kanila" ("Men of Example" [mensahe sa Church Educational System religious educators, Set. 12, 1975], 5, si.lds.org).

5. Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan:

   "Gustong maniwala ng ating mga kabataan; hangad nilang malaman pa ang tungkol sa Tagapagligtas" ("A Teacher of God's Children" [mensahe sa Church Educational System religious educators, Ene. 28, 2011], 6, si.lds.org).

6. Pinatotohanan ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol:

   "Gusto ko ang mga salitang ito ni Pangulong George Q. Cannon (1827–1901), na naglingkod sa Unang Panguluhan: 'Ang Diyos ay nagreserba sa dispensasyong ito ng mga espiritung may tapang at determinasyong harapin ang mundo at lahat ng kapangyarihan ng masasama, na nakikita at hindi nakikita, upang ipahayag ang Ebanghelyo at panindigan ang katotohanan at itatag at itayo ang Sion ng ating Diyos nang walang takot sa lahat ng ibubunga nito. Ipinadala Niya ang mga espiritung ito sa henerasyong ito upang ilatag ang pundasyon ng Sion na hindi na maibabagsak kailanman, at magkaroon ng binhing magiging matwid, at igagalang ang Diyos at igagalang Siya nang lubos, at susundin Siya sa lahat ng pagkakataon' [*Deseret News,* Mayo 31, 1866, 203].

"Ang mga kabataang lalaki at babae sa inyong klase ang mga espiritung ito. Sila ang pag-asa ng darating na panahon" ("A Classroom of Faith, Hope, and Charity" [evening with a General Authority, Peb. 28, 2014], lds.org/broadcasts).

7. Ipinahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994):

   "Sa halos anim na libong taon, inilaan kayo ng Diyos para isilang sa mga huling araw na ito bago ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon. . . . Tinipon ng Diyos para sa pinakahuling yugto ang ilan sa Kanyang pinakamatatatag na mga anak, na tutulong na matagumpay na mapamunuan ang Kanyang kaharian. At kayo ang binabanggit dito, dahil kayo ang henerasyong dapat maihanda sa pagsalubong sa inyong Diyos. . . . Tandaan—kayo ay isang piling henerasyon. . . . Magiging tapat ba [kayo] sa [inyong] misyon sa mga huling araw na itinalaga na sa inyo noon pa man?" ("In His Steps" [Brigham Young University fireside, Mar. 4, 1979], 1, speeches.byu.edu).

8. Ipinaliwanag ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan:

   "[Ang ating mga estudyante] ay magiging gutom sa mga bagay ng Espiritu. Makauunawa sila kapag pinagtibay sa kanila ng Espiritu ang katotohanan. Lalo nilang nanaising patatagin ang kanilang patotoo sa pamamagitan ng pagdama sa lakas ng ating patotoo tungkol sa mga pangunahing katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo" ("The Lord Will Multiply the Harvest" [mensahe sa Church Educational System religious educators, Peb. 6, 1998], 2, si.lds.org).



© 2016 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN.